



Tagalog

Manwal ng Boluntaryo

Departmento ng Pamamahala ng Boluntaryo

PAGPAPABUTI NG SERBISYO PARA SA AMING MGA MAG-AARAL,
KAWANI AT MGA PAMILYA

Maligayang Pagdating at Salamat!

Salamat sa inyong pagboboluntaryo sa Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle. Kayo ay gumagawa ng isang mahalagang kontribusyon sa aming mga paaralan ng distrito at mga mag-aaral, at nais naming ipaalam na pinahalagahan namin ang inyong oras, lakas at kahusayan.

Kung kayo man ay nagboboluntaryo sa punong tanggapan ng paaralan, silid-aralan o sa John Stanford Center for Education Excellence, kayo ay mahalaga sa mga punong-guro, guro, paaralan, mga pamilya at malawak na paaralan ng pamayanan. Sa pagbabawas ng badyet, kailangan naming gumawa ng mas marami na kaunti ang kawani at ang aming mga nagboboluntaryo ay mahalaga sa aming mga mag-aaral.

Bawa't isa ay nagboboluntaryo sa kanilang sariling paraan. Ilang boluntaryo ay nasisiyahan na nasa silid-aralan at ang iba ay may panahon lamang sa gabi pagkatapos ng trabaho. Kaya ang inyong pangako ay napakahalaga. Ang mga paaralan ay hindi magagawang mag-isa ang trabahong ito.

Ang aming gawain ay nakasulong sa pamamagitan ng isang maliwanag na kristal na misyon—akademikong tagumpay para sa bawa't mag-aaral sa bawa't paaralan. Ang aming Distrito ay may mahigpit na akademikong pamantayan na malinaw na nakatakda kung ano ang dapat malaman ng mga mag-aaral at dapat magawa habang umuunlad sa pag-aaral. Mayroon kaming mga pamantayan sa propesyonal na kasanayan para sa mga guro na naglalarawan ng kahulugan ng uri ng paggtuturo, at mayroon kaming pamantayan sa pamumuno para sa mga punong-guro na nagpapakita ng pinakamahusay na pagsasanay batay sa pananaliksik.

Inihahanda namin ang aming mag-aaral upang magtagumpay sa isang mundo na magiging malayo ang kaibahan mula sa alam natin ngayon. Kung kailangan nilang maabot ang kanilang buong potensiyal, ang mga paaralan na nagtuturo sa kanila ay kailangang baguhin ang kanilang pamamaraan. Ang paaralan ay kailangang tumingin, madama at gumawa ng naiiba kesa sa dati nilang ginagawa. Kaya pakituklas ang mga maraming paraan upang makisangkot sa pagtuturo at pagsusuporta sa mga mag-aaral ng Seattle. Salamat sa lahat ng inyong ginawa.

Ang manwal ay orihinal na ginawa ni Colin Sexton at Trisha Matthieu Volunteer Services, 2002; ikalawang pagbabago 2009 Susan Hall.

John Stanford Center for Educational Excellence
2445 Third Avenue South
Seattle, WA 98134

Mailing Address
Volunteer Management Department
Seattle Public Schools MS 32-150
PO Box 34165
Seattle, WA 98124-1165

Pinagmulang tanggapan at ikatlong pagbabago 2013 (Ronald McGlone): **Ang mga mungkahi o mga tanong tungkol sa Manwal na ito ay dapat idirekta sa Departamento ng Pamamahala ng Boluntaryo rmcglone@seattleschools.org.**

TALAAN NG MGA NILALAMAN

| | |
|--|----|
| Mga Kahulugan ng Boluntaryo | 4 |
| Layunin ng mga Programa ng Boluntaryo | 5 |
| Pagiging isang Boluntaryo | 6 |
| Sa Pagiging isang Boluntaryo | 7 |
| Pananagutan ng isang Boluntaryo | 8 |
| Karapatan ng mga Boluntaryo | 9 |
| Mga Paalaala sa mga Boluntaryo | 10 |
| Mga Akademikong Pamantayan | 11 |
| Mga Isyu sa Kaligtasan at Pananagutan | 14 |
| Pakikipagtrabaho sa mga Mag-aaral ng Iba't Ibang Kultura | 16 |
| Impormasyon sa Pagboboluntaryo/Tseklist sa Pamamaraan | 17 |
| Kasunduan sa Boluntaryo | 18 |
| Apendiks | 19 |

Boluntaryo

Ang boluntaryo ay isang walang suweldong tao na autorisado ng Lupon ng Paaralan upang gumawa ng boluntaryong mga serbisyo para sa paaralang distrito. Ang isang boluntaryo ay magseserbisyo sa isang kapasidad na walang kabayaran.o benepisyo sa empleyado na anumang uri, maliban sa kabayaran sa manggagawa na itinatadhana sa programa ng distrito na nakasiguro ang sarili. Lahat ng mga boluntaryo ay nagsisilbi sa pahintulot ng Superintendente na walang anumang nakasaad o pahiwatig na mga pribilehiyo lampas doon sa makikita dito sa manwal at maaaring maalis sa pagboboluntaryo kung sa palagay ng Superintendente o taong itinalaga niya(tingnan sa apendiks para sa mga uri ng boluntaryo).

Bisita:

Ang isang bisita o panauhin ay isang walang suweldong tao na may pahintulot ng distrito na tumulong sa isang paaralan na hindi regular o isang araw lamang o dumalo sa kasayahan o aktibidad ng paaralan. Ang isang bisita o panauhin ay karaniwang inuutusang iulat ang kanilang pamamalagi sa tanggapan ng paaralan o ibang itinalagang lugar, maliban sa partikular na mga kasayahan tulad ng palakasan, pagpapakita ng sining, at iba pa. Lahat ng bisita o panauhin ay saklaw ng mga patakaran at pamamaraan na ipinasusunod ng Distrito (tingnan sa apendiks para sa paliwanag).



Bilang boluntaryo sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle, mahalaga sa inyo na malaman na kami ay isang malaking paaralang distrito na may maraming pantulong at mga hamon. Ang mga mag-aaral na inyong tinutulungan ay magiging iba sa tingin at mayroong ibang karanasan sa buhay kesa sa iyo. Marami ay galing sa isang magulang o sambahayang mababa ang kita, at mayroong espesyal na pangangailangan sa edukasyon.

Layunin ng mga Programa ng Boluntaryo ng Paaralan

- Upang suportahan ang akademikong nagawa at mga layunin ng distrito, upang tulungan ang mga guro sa pagbibigay ng mahalagang instruksiyon sa kasanayan, upang pagyamanin ang uri ng instruksiyon, upang palawakin ang pangpersonal na karanasan para sa mga mag-aaral, at upang tulungan ang mga kawani ng paaralan ng serbisyong suporta.

Upang palakasin ang motibo ng mga mag-aaral para matuto.

- Upang suportahan ang programang pagpigil sa pagtigil sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang instruksiyon tulad ng, subali't hindi limitado sa, tutoring /pagtuturo.
- Upang magtayo ng pang-unawa sa mga programa ng paaralan sa mga interesadong mga mamamayan at mga pagsasamahan ng mga organisasyon ng negosyo/pamayanan.
- Upang palakasin ang mga relasyon ng paaralan/magulang/pamayanan sa pamamagitan ng positibong partisipasyon.
- Upang paunlarin ang pagkakasangkot ng magulang sa pamamagitan ng aktibong pagsuporta at paghingi ng pakikisama sa PTA, konsehong tagapayo ng paaralan/pamayanan, at ibang mga grupo ng magulang.
- Upang palakihin ang mga programang edukasyonal ng distrito, at huwag matiwalag ang mga kawani ng distrito.



Ang Pagiging isang Boluntaryo

Ang pagboboluntaryo sa isang paaralan ay kakaiba at nakatutuwang karanasan at isang kapakinabangan kapwa sa paaralan at sa boluntaryo. Ito ay dinisenyo upang palakasin at pamalagiin ang relasyong pagtutulungan sa pagitan ng mga mag-aaral, kanilang paaralan at kanilang pamayanan.

Ang mga boluntaryo ay kailangang maging:

- Magiliw at maalalahanin.
- Mapagkakatiwalaan at nakikibagay.
- Maunawain at nagbibigay halaga sa ginagawa ng kawani ng paaralan at ng programa ng boluntaryo.

Ang mga boluntaryo ay dapat magkaroon ng:

- Kilos propesyonal at mayroong kakayahan na nakikipagtulungan na gumawa kasama ng mga kawani ng paaralan..
- Interesado na magtrabaho kasama ang mga kabataan.
- Mabuting paguugali.
- Oras at maluwag sa kalooban na maglingkod.
- Pang-unawa sa mahalagang papel na ginagawa ng edukasyon sa buhay ng mga bata at aming mga pamayanan.

Paki isipin na ang pagboboluntaryo ay kapapalooban ng pag-aaral ng bagong mga kasanayan at pagkatuto tungkol sa mga mag-aaral. Ang papel ng paaralan, at samakatwid ang papel ng boluntaryo ng paaralan, ay parating pagbutihin ang akademikong tagumpay ng ating mga mag-aaral. Ginagawa natin ito sa iba't ibang paraan kasama ang akademikong instruksiyon at personal na suporta.



Sa Pagiging isang Boluntaryo

Sa pagsisimula ng pagboboluntaryo sa distrito ng paaralan, ikaw ay kailangan:

1. Siguruhin na ikaw ay rehistrado sa paaralan. Mayroong aplikasyon sa inyong paaralan o sa Departamento ng Pamamahala ng Boluntaryo. Siguruhin at iayos ang inyong kontak na impormasyon kapag ito ay nag iba.
2. Kumpletuhin ang lagdaan ang Pormularyo ng Pagsisiwalat (Disclosure Form) na nagpapahintulot sa paaralan na kumpletuhin ang Washington State Criminal History Background Check. Ang kopya ng natuklasan ng pagtsek na ito ay ibibigay sa iyo.
3. Daluhan ang rekomendadong pag-aangkop at pagsasanay na pinamamahalaan ng paaralang distrito at iyong nakatalagang paaralan (kung puwede).
4. PALAGING lumagda pagpasok at paglabas sa tanggapan ng paaralan kapag pumupunta sa paaralan. (Ito ay isang mahalagahang patakaran para sa kaligtasan ng ating mga anak at ito'y nagpapahintulot sa atin na masundan ang inyong oras para sa seguro at impormasyon ng distrito na mga layunin).
5. Magsuot ng tsapa kapag nagboboluntaryo.

Pangalan mo dito!

Tsapa ng Boluntaryo

Pananagutan ng mga Boluntaryo

1. Unawain at tanggapin ang mag-aaral batay sa kanilang pinagmulan at kahalagahan.
2. Suportahan at dagdagan ang programang instruksiyonal ng guro sa silid-aralan. Ang papel ng boluntaryo ay pagtulong, hindi pamalit.
3. Makipag-usap palagi sa guro, laybraryan, o taga-ugnay ng boluntaryo sa paaralan sa pamamagitan ng mga pulong, mga tala, logbook, telepono o email.
4. Dumalo sa rekomendado o kailangang oryentasyon at sesyon ng pagsasanay. Ang workshop ay ginagawa upang magbigay ng pag-unlad sa boluntaryo.
5. Maging maliksi, maaasahan, at regular sa pagpasok.
6. Alam at sinusunod ang lahat ng regulasyon at pamamaraan sa kanyang nakatalagang paaralan (hal. pagsasanay sa sunog, pag-uulat ng aksidene, karapatan sa tanghalian at pagkakape, karapatan sa palikuran ng mag-aaral at inumin, pamamaraan kapag masama ang panahon.).
7. Talakayin ang mga problema na dumarating sa guro, libraryan, o tagapamahala ng boluntaryo sa paaralan.
8. Sabihan ang guro, libraryan o tagapamahala ng boluntaryo sa paaralan kung ang mag-aaral ay nagsabi sa kanila ng tungkol sa inabusong sitwasyon. Ang kawani ay gagawa ng pag-uulat at pagsubaybay.
9. Iwan ang personal na alalahanin at problema sa bahay. Iwan ang mga problema ng paaralan sa paaralan.
10. Igalang ang paglilihim na may kaugnayan sa paaralan. Siguruhin na ang gawa ng bata at asal sa paaralan ay hawak na may pagtitiwala.
11. Tandaan na ikaw ay umaakto bilang isang susunding modelo para sa bata, hindi lamang kung paano ka umaaksiyon sa iba sa paaralan, kundi bilang ikaw na isang tao.

Karapatan ng mga Boluntaryo

Ang mga boluntaryo ay may karapatan na:

1. Malaman ang tungkol sa paaralan hangga't maaari, kabilang ang mga patakaran, ang mga tao at mga programa.
2. Pagsasanay para sa trabaho at patuloy na edukasyon na pinag-isipang planuhin at epektibong itinanghal. Ang impormasyon tungkol sa bagong mga pagpapaunlad at pagsasanay para sa mabigat na responsibilidad na dapat subaybayang palagi .
3. Matibay na pagsubaybay at direksiyon ng isang may karanasan, maalam, may pasensiya, maalalahanin, at may panahon upang maglaan ng pagbibigay ng payo.
4. Isang karapat-dapat na asignatura na may konsiderasyon para sa personal na gusto, may pisikal at mental na karakter, may karanasan sa buhay, edukasyon at pinagmulang trabaho.
5. Iba't ibang mga karanansan sa pamamagitan ng paglipat sa isang gawain na iba, at sa pamamagitan ng espesyal na proyekto sa mga asignatura.
6. Marinig, bilang bahagi ng pagpapalano, malayang magbigay ng mga mungkahi, at magkaroon ng respeto para sa isang matapat na opinyon o naiibang pananaw.
7. Karapatan ng pagkilala sa pamamagitan ng araw-araw ng pagpapahayag ng pagkilala, o ilang tunay na ebidensiya , sa pagtrato bilang isang katrabaho.



Mga Paalaala para sa mga Boluntaryo

1. Maging matiyaga kung nagtuturo sa mga mag-aaral. Bigyan ang sarili ng oras upang makita ang iyong kalagayan.
2. Ang mga pangalan ay mahalaga. Siguruhin na binibigkas ang pangalan ng mag-aaral sa paraang gusto ng mag-aaral na bigkasin iyon. Alamin kung paano banghayin ito ng tama. Siguruhin na alam ng mag-aaral ang iyong pangalan at mabigkas ito ng tama.
3. Tratuhan ang mga indibidwal na may paggalang at may pitagan at umasa na katulad ang balik.
4. Ipakita na ikaw ay interesado sa mag-aaral bilang isang tao sa pamamagitan ng maingat na pakikinig kung ano ang kanilang sinasabi at ipakita na nag-aalala ka sa pamamagitan ng mga salita at aksiyon.
5. Palakasin ang loob at suportahan ang mga tagumpay ng mag-aaral. Bigyan ng kompiyansa sa sarili sa pamamagitan ng pagpuri sa kanila ng matapat at madalas. Tandaan na ang pakikinig na mabuti ay mahalaga din katulad ng pagsasagawa. Bigyan ng diin ang positibo at bawasan ang negatibo.
6. Iwasan ang paggawa ng pagkukumpara sa pagitan ng mga mag-aaral, sa pagitan ng mga guro at sa pagitan ng mga paaralan.
7. Laging tandaan na maging makatarungan at di nagbabago.
8. Ang mga mag-aaral ay nakagagawa ng mali. Ipaalam sa kanila na ang pagkakamali ay bahagi ng pagkatuto. Huwag matakot na makagawa ka ng sarili mong mali.
9. Maging mapagkakatiwalaan at matapat sa iyong paglapit at pagkilos. Ang mga mag-aaral ay magtitiwala at igagalang ka kung ikaw ay "totoo".
10. Kung kailangan mong hindi pumasok, tawagan ang paaralan at ipaalam sa kanila. Ang mga mag-aaral ay mabibigo kung hindi ka makararating, subali't magbigay tiwala ka na nag-aalala kang mabuti kaya ka tumawag.



Akademikong mga Pamantayan

Noong 1999, ang Lupon ng Paaralan ng Seattle ay nagpatibay ng mga pamantayan o pag-aaralang mga target, sa apat na mahalagang mga bahagi--pagbasa, pagsulat, komunikasyon at matematika

(Ang mga pamantayan sa ibang bahaging paksa ay kasalukuyang binubuo.)

Ang aming pangako sa mga pamantayan na ito ay nagbibigay mensahe sa aming mga mag-aaral at kanilang pamayanan na naniniwala kami sa aming mga anak, umaasa kami ng pinakamagaling para sa kanila at maoobserbahan namin at masusukat ang kanilang mga tagumpay.

Benepisyo Batay sa Pamantayang Sistema ng Pag-aaral

Benepisyo para sa Mag-aaral

- Ang mga mag-aaral ay maliwanag na nakapagsasabi ng mga pag-asam sa ginagagawa habang sila ay umuunlad sa paaralan.
- Ang mga mag-aaral ay nauunawaan kung ano ang kanilang natututuhan, anong pamantayan kaugnay ito at bakit nila ito natutuhan.
- Ang mga mag-aaral ay kinikilala kung paano ang mga guro ay umaasa sa kanila na ipakita kung ano ang kanilang natutuhan.
- Ang mga mag-aaral ay binibigyan ng dagdag na pagkakataon upang suriin ang kanilang sariling gawa bago ang guro ang gumawa-gamit ang parehong kriterya ng guro.
- Ang nagawa ng mag-aaral ay batay sa indibiduwal na progreso, hindi sa kung ito ay kaugnay sa ibang mag-aaral.
- Ang mga mag-aaral ay binibigyan ng maraming pagkakataon upang ipakita ang pamantayang nagawa (gamit ang iba't ibang paraan ng pag-aaral).
-
- Ang mga mag-aaral ay alam na ang kanilang nagawa ay tatayahin.



Benepisyo sa mga guro

- Ang mga guro ay nalalaman kung paano ang bawa't aralin ay nakahanay sa pamantayang akademiko ng Distrito at Estado.
- Ang mga guro ay may malinaw na balangkas para sa kanilang pagtuturo; may kahulugang pag-asam sa nagawa ng mag-aaral.
- Malayang makagamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo upang matulungan ang bata sa mga pamantayan; pinapayagan para sa mas malaking paggawa sa kurikulum at mga aktibidad.
- Ang mga guro ay nakakita ng mas malaking pamumuhunan at pangganyak sa kanilang pag-aaral.
- Dinagdagang kaliwanagan sa prosesong pagtatasa sa mag-aaral.
- Ang mga guro ay may mas malaking pagkakataon upang makipartner sa ibang guro habang ang balangkas sa kanilang pagtuturo ay mabuting nakahanay.

Benepisyo sa mga Kasama ng Pamayanan

- Ang mga kasama ay mayroong magkabahaging pananalita sa pagsisimula ng pakikisama sa mga paaralan.
- Ang magkasama ay mayroong malaking kalayaan sa pagdisenyo ng programang proyekto kung malinaw na kaugnay sa pamantayan ng mag-aaral.
- Ang mga kasama ay mayroong malaking pagtanggap sa paaralan sapagka't ang paaralan ay nagsisimulang kumilala sa pangangailangan ng suporta mula sa pamayanan sa pamantayang pagpupunyagi.
- Ang mga indibiduwal na mga partner (tutor/boluntaryo) ay pinalaki ang kaliwanagan ng balangkas para sa kanilang trabaho sa mga mag-aaral.
- Ang karanasan ng mga partner ay nagdagdag sa pagpapatuloy at hindi pagbabago –bago sa pagitan ng paaralan.

Ang mga epekto ng aming mga akademikong pamantayan ay nararamdaman sa buong distrito, kasama ang inyong trabaho sa paaralan. Makatutulong para sa inyo na magkaroon ng buong kaalaman sa mga pamantayan at kanilang mga benepisyo. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa akademikong pamantayan, paki konsulta ang inyong superbisor ng paaralan o homepage ng

Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle Public Schools homepage sa : <http://www.seattleschools.org>

Isyu sa Kaligtasan at Pananagutan

Saan ako dapat magtrabaho kasama ng mag-aaral?

Ang mga lugar ay mag-iiba-iba, depende sa kung mayroong lugar at gusto ng guro ng mag-aaral. Maraming mga paaralan ang masikip, kaya maaari kang magtrabaho kasama ng mag-aaral sa pasilyo. Subukang humanap ng isang tahimik na espasyo na kakaunti ang abala hangga't maaari.

Kung minsan ang guro ay magdidirekta sa iyo sa isang bakanteng silid-aralan. Siguraduhing iwanan na bukas ang pinto sa lahat ng oras, at umupo sa dalawang upuan na madaling makita ng dumadaan. **Palaging magtrabaho sa isang publikong lugar na nakikita.**

Kung ikaw ay nagtatrabaho kasama ng isang mag-aaral sa isang programang pagkatapos ng eskuwela, maaaring nakatutuksong mag-alok na ihatid pauwi ang mag-aaral. **Huwag kang pupunta sa ibang lugar na kasama ang isang mag-aaral, at huwag silang isasakay sa iyong kotse.** Ang iyong karanasan sa boluntaryo ay limitado sa lugar ng publikong paaralan.

Ano ang aking karapatan sa paglilihim?

Habang ang relasyon sa isang mag-aaral ay umuunlad, magsisimulan siyang magtiwala sa iyo at maaaring magsimulang magtapat sa iyo. Kailangan mong magbigay ng oras at ipakita sa kanila na inaaalala mo sila. Gayunman, huwag kang mangako na hindi mo tutuparin. Kung ang mag-aaral ay magbunyag ng impormasyon na may kinalaman sa isang posibleng abuso o pinabayaang sitwasyon, bayaang malaman ng mag-aaral na nag-alaala ka, at naroon ka para makinig subali't dapat mong ipaalam ang impormasyong ito sa isang guro, tagapayo, o punong-guro na maaaring mag-alok sa kanila ng tulong. Mayroon ding pagkakataon na may isang tao na may kabatiran sa sitwasyon, na maaaring makatulong sa iyo na makaunawa at makagawa ng mahusay sa mag-aaral na iyon.

Ang personal na impormasyon tungkol sa iyong sarili ay ibabahagi lamang kung ito ay nauugnay sa trabahong ginagawa mo sa mag-aaral. Iwasan ang pagbibigay ng personal na impormasyon na makokontak tulad ng tirahan, telepono o email.

Maaari ko bang mayakap ang aking mga-aaral?

Ilang mag-aaral, lalo na ang nasa elementarya, ay natural na magiging malapit at magpapakita ng pagmamahal. Ang mag-aaral ay maaaring maghanap ng pagmamahal at atensiyon, kaya mahalaga na hawakan mo ang sitwasyon ng may pang-unawa. **Ang pagyapos ng paharap ay hindi tumpak at kailangang iwasan.** Kaya maingat na ilagay ang iyong bisig sa balikat ng bata at gawin itong patagilid na yapos. Gumamit ng ibang tanda ng pagmamahal tulad ng "high fives", at tandaan ang tamang lugar upang hipuin ang mag-aaral (tingnan sa susunod na aksiyon). Sa karagdagan, kahit anong edad, ang mag-aaral ay hindi dapat umupo sa inyong kandungan.



Ano ang ilang ligtas na hipuing bahagi?*

Ang mga bahagi na pinakaligtas na hipuin ay:

- Mga balikat
- Itaas ng likod
- Mga braso
- Mga kamay



Tandaan na itanim sa isip ang kultural na pananaw at personal na nilalaman ng paghipo mula sa pananaw ng mga-aaral. Ang mga kultural na impluwensiya, paniniwala at personal na pinagdaanan ay makakaapekto sa antas ng ginhawa ng mag-aaral na may kinalaman sa personal na mga hanggahan. . **Ang ibang mga bata ay hindi humihingi ng paghipo at maaaring mangailangan ng personal na espasyo**, igalang ang kanilang kagustuhan. Sa kalahatan, hipuin ang lahat na mag-aaral sa paraang hindi pabago-bago.

May mga espesyal na pangyayari na susulpot kung saan ang hipo ay lampas sa mga panuntunan at ito ay kakailanganin. Ang espesyal na edukasyon, pagnanars at pagsasanay ay mangangailangan ng karagdagang kontak sa mag-aaral para sa pangangailangang kalusugan at kalinisan. Maging malinaw (sa iyong sarili at mag-aaral) tungkol sa kailan, saan, bakit at paano hinihipo ang mag-aaral.

Ano ang ilang mga tanda na posibleng abuso sa bata?

Ang mga sumusunod na dahilan ay maaaring naroon kung nagkaroon ng abuso, subali't hindi nagagarantiya na abusadong sitwasyon. Kung alinman sa mga sumusunod na mga tanda ay mayroon sa inyong anak, **kinakailangan mong bigyan ng babala ang guro, punong-guro o tagapayo upang kanilang maipaimbestiga ang sitwasyon:**

- Tanda ng pinsala, tulad ng latay, pasa, hiwa, paso, bali o pamamaga.
- Istorya ng pauli-ulit, hindi nagagamot o hindi maipaliwanag na pisikal na pinsala.
- Pagsasalungatan sa pagitan ng kuwento, "nahulog ako sa aking kama", at ang pisikal na ebidensiya, tulad ng paulit-ulit na pasa.
- Ang bata ay parang hindi komportable o natatakot kapag sinasabi ang tungkol sa pinsala.
- Ang bata ay nagpapahiwatig sa o tila abala sa sekswal na bagay.

Ano ang layunin ng mga patakarang ito?

Ang Paaralang Distrito ng Seattle ay gusto kayo, bilang mga boluntaryo, na gawin ang inyong responsibilidad na mapag-alala at sa tamang paraan. Gusto namin maramdaman ninyo na komportable kayo sa pagyakap at paghipo ng bata at gusto naming maramdaman ninyo na ligtas kayo at magkaroon ng susunding alintuntunin na tutulong sa inyo sa paggawa at pagpanatili ng ligtas na kapaligiran para sa iyo at sa mga mag-aaral na kasama mo sa trabaho.

Pakikipagtrabaho sa mga Mag-aaral ng Iba't ibang kultura



Ang mga mag-aaral sa Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle ay galing mula sa maraming iba't ibang pamilya, kultura, at pamayanan-bawa't isa ay may sariling kahalagahan at paniniwala. Ang ating sariling kultura, paniniwala, kahalagahan at asal ay parang natural na bahagi kung ano tayo na ito'y madalas na mahirap maintindihan ng iba na may iba't ibang tradisyon.

Dahilan sa maraming ibang etnikong grupo na kumakatawan sa mga Paaralang Seattle, ang mga bata ay nagsasalita ng iba't ibang wika at mayroong maraming iba't ibang paniniwala at kaugalian. Ang mga bata mula sa kulturang iyon ay kailangang malaman ang pakikikultura---iyon ay, mabuhay sa kapwa mga kultura. Bawa't indibidwal ay kailangang igalang ang mga paniniwala at gawi na kanilang sariling kultura, habang natututong tumugon sa mga paniniwala at gawi ng kultura ng paaralan.

Ang mga pagkakaiba-iba ng kultura ay maaaring makaapekto sa pinagdaanang paniniwala, pamamaraan ng pagkatuto, asal, at sosyal na mga kasanayan. Sa partikular, maaari kang makaranas ng pagkakaiba-iba ng kultura na may kinalaman sa:

- Nag-iiba-ibang pamamaraan ng pagkatuto
- Tingin mata sa mata
- Kahalagahan ng oras
- Epektibong disiplina
- Nakakaganyak sa mag-aaral
- Personal na mga kultura ng mag-aaral at tulungan sila na maintindihan ang kultura ng paaralan na magdadagdag sa inyong kakayahan na tulungan silang matuto.

Ang pag-unawa sa mga kultura ng mag-aaral at pagtulong sa kanila na maintindihan ang kultura ng paaralan ay magdadagdag sa iyong kakayahan na tulungan silang matuto.

Impormasyon ng Boluntaryo/Tseklis ng Pamamaraan

Sa unang pagkikita mo sa iyong guro/superbisor, magplano na talakayin ang sumusunod:

- Mga araw at oras na magtatrabaho sa silid-aralan/paaralan.
- Mga pamamaraan para sa boluntaryo at guro/superbisor upang magkita (regular na komperensiya, usapan sa telepono, mga tala, mga impormal na pulong).
- Pamalit na plano para sa mga araw na ang guro/superbisor ay lumiban.
- Paano sasabihin ng guro/superbisor sa boluntaryo ang mga itinalagang araw sa kanya (polder, tala o ibang mg paraan).
- Paano tatawagin ng mga mag-aaral ang boluntaryo (mas gusto ng paaralan o boluntaryo na tawagin sila sa unang pangalan o G. /Bb. /Gng.) mga kagamitan, pamamaraan o mga laro na gagamitin.
- Mga patakarán, pamamaraan at alintuntunin ng paaralan sa guro, superbisor sa silid-aralan (tulad ng sistema pamamahala, pagpapalakas ng pamamaraan, plano sa organisasyon, mga paraan sa emerhensiya, saan iiwan ng boluntaryo ang personal na gamit, at kung ang boluntaryo ay maaari sa silid-pahingahan at silid-kainan).
- Mga araw na kailangan at iminungkahing mga pagsasanay.
- Protokol para ipaalam sa paaralan/guro/mag-aaral tungkol sa pagliban ng boluntaryo.

Kung ikaw ay nakikipagtrabaho sa mga mag-aaral sa mga akademikong paksa kailangan mong talakayin din ang:

- Partikular na impormasyon na may kinalaman sa pinagmulan ng (mga)mag-aaral na kasama ng boluntaryo na gagawa (sa loob ng tumpak na mga pamantayan ng .paglilihim sa impormasyon ng mag-aaral).
- Espesyal na lakas ng (mga) mag-aaral.
- Espesyal na pangangailangan ng (mga) mag-aaral.
- Mga Paalala sa pagtatrabaho kasama ang partikular na mga mag-aaral (paraan ng pag-aaral at pagpapalakas ng pamamaraan).
- Mga pamamaraan sa pagkuha sa mag-aaral sa silid-aralan para sa sariling gawain.
- Pagtatalaga ng lugar na pagtatrabahuhan.
- Panghaliling plano kung lumiban ang mga-aaral.



DIREKTORYO NG KAWANING **BOLUNTARYO**

Nakatalagang Paaralan _____

Telepono ng Paaralan _____

Direksiyon ng Paaralan _____

Punong-guro _____

Sekretarya ng Paaralan _____

Tagapamahala ng Boluntaryo/Tatawagan _____

Guro (mga) _____

Ibang Tatawagan (mga) _____

MGA TALA: _____

Ang tagapamahala na boluntaryo, guro o superbisor sa paaralan ay matutulungan kayo sa kahit anong mga tanong, alalahanin, problema, atbp. na maaaring mayroon kayo sa inyong kinalalagyan

Sa pangyayaring hindi kayo nakakuha ng kalutasan para sa isang isyung kinasangkutan ng isang mag-aaral kayo ay maaaring makipag-ugnay sa punong-guro o sa Tanggapan ng Pamamahala ng Boluntaryo:

Volunteer Management Department
The Stanford Center
Mail stop: 32-150
PO Box 34165
Seattle, WA 98124-1165
206.252.0529
rmcglone@seattleschools.org

Seattle Public Schools Volunteer Handbook revised: January 2014

Departamento ng Pamamahala ng Boluntaryo
Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle
Manwal ng Boluntaryo

Kasunduan sa Pagboboluntaryo

Mga Isyu sa Kaligtasan at Pananagutan

_____ Habang ang pakikipagsamahan sa isang mag-aaral ay umuunlad, nag-uumpisa siyang magtiwala sa iyo at maaaring magsimulang magtapat sa iyo. Kailangan mong magbigay ng oras na makinig at ipakita sa kanila na inaaalala mo sila. Gayunman, huwag kang mangako na hindi mo tutuparin. Kung ang mag-aaral ay nagbunyag ng impormasyon na may kinalaman sa isang posibleng abuso o pinabayaang sitwasyon, bayaang malaman ng mag-aaral na nag-aalala ka at naroon ka para makinig subalit ikaw ay dapat na ipaalam mo ang impormasyon ito sa isang guro, tagapayo, o punong – guro na maaaring mag-alok sa kanila ng tulong.

_____ Ang personal na impormasyon tungkol sa iyong sarili ay ibabahagi lamang habang ito ay may kaugnayan sa ginagawa mo sa mag-aaral. Huwag ibibigay ang impormasyon na makokontak tulad ng tirahan, telepono, personal na website, at email.

_____ Ilang mag-aaral, lalo na ang nasa elementarya, na natural na maging malapit at magpakita ng pagmamahal. Naghahanap ng pagmamahal at atensiyon ang mga mag-aaral, kaya mahalaga na hawakan mo ang sitwasyon ng may damdamin. Pagyapos ng harapan ay kailangang iwasan. Sa halip, maingat na ilagay ang iyong bisig sa paligid ng balikat ng bata at gawin itong patagilid na yapos. Gumamit ng ibang tanda ng suporta, tulad ng “high fives”. Sa karagdagan, kahit anong edad, ang mga mag-aaral ay hindi dapat umupo sa iyong kandungan.

Pagtatrabaho Kasama ng mga Bata mula sa Iba’t ibang Kultural na Pinanggalingan

_____ Ang mga mag-aaral sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay galing mula sa maraming iba’t ibang pamilya at pamayanan.—bawa’t isa may kanya-kanyang kahalagahan at paniniwala. Ang ating sariling kultura, paniniwala, kahalagahan at asal ay parang natural na bahagi kung ano tayo na ito’y madalas na maging hamon upang mahirap na maintindihan ang iba na may kakaibang tradisyon. Ang pag-unawa sa mga kultura ng mga mag-aaral at tulungan sila na maintindihan ang kultura ng paaralan ay magdadagdag sa iyong kakayahan na tulungan silang matuto.

Paglilihim

_____ Ang mga mag-aaral ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay may karapatan na umasa na ang impormasyon tungkol sa kanila ay ililihim ng lahat ng boluntaryo. Sa karagdagan, ang progreso ng Kongreso ng U.S. ay tinalakay ang tungkol sa pribadong mga pag-alala ng mga edukador, magulang at mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasabatas ng Edukasyonal na Karapatan ng Pamilya at Batas sa Pagsasarili (Family Educational Rights and Privacy Act)(karaniwang kilala bilang “FERPA” o ang “Buckley Amendment”).

Bawa't mag-aaral na iyong kasama sa trabaho ay mayroong karapatan na umasa na ang nangyari sa o tungkol sa kanya ay hindi mauulit kahit kanino maliban sa autorisadong kawani na departamento ng paaralan, na itinalaga ng administrador sa inyong paaralan.

Departamento ng Pamamahala ng Boluntaryo
Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle
Manwal ng Boluntaryo

Hindi ka dapat magbahagi ng impormasyon tungkol sa mag-aaral kahit sa iba na tunay na interesado sa kagalingan ng mag-aaral, tulad ng social worker, pinuno ng iskaut, pari, lolo, lola, o mga nars/doktor. Isang grabeng medikal na pangangailangan, na kailangan ang lihim na impormasyon para sa pag-aalaga sa mag-aaral, ay isang eksepsiyon. Sa gayon, kailangan mong isangguni iyong lahat na mga tanong na iyon sa kawani ng paaralan na autorisado at sinabi sa iyo, karaniwan ang guro ng mag-aaral o punong-guro.

Ang mga magulang, kaibigan o miyembro ng pamayanan ay puwede na may mabuting hangarin na tanungin ka tungkol sa problema o progreso ng mag-aaral. Muli, kailangan mong isangguni ang lahat na mga tanong na iyon sa autorisadong kawani ng paaralan. Hindi mo kailangan na ibahagi ang impormasyon tungkol sa mag-aaral maski na sa miyembro ng iyong pamilya.

Bago ka magsalita, laging tandaan na ang paglabag sa karapatan ng paglilihim para sa mag-aaral ay hindi lamang walang galang, ito ay labag sa batas.

Kasunduan

Ako, (limbag na pangalan) _____, bilang isang boluntaryo ay nabasa at sumasang-ayon sa mga tadhana na nasa itaas. Karagdagan sa mga natitirang alintuntunin sa Manwal ng Boluntaryo, napag-alaman ko kung saan makikita ang Manwal ng Boluntaryo at kung kanino ako makikipag-usap tungkol sa anumang mga tanong o pag-alala na mayroon ako.

Pakilimbag ang buong pangalan

Lugar ng Boluntaryo

Pakilagdaan ang buong pangalan

Petsa

Lagda ng Tagpamahala ng Boluntaryo

Petsa

Apendiks

KATEGORYA “A” BOLUNTARYO:

Ang mga boluntaryo na may karanasan sa silid-aralan, na direktang nagtatrabaho sa mga mag-aaral, at maaaring walang superbisyon ang oras sa mga mag-aaral na nasa ari-arian ng distrito na ang kawani ng distrito ay nasa lugar. Ang sitwasyon ay karaniwang mga lugar sa loob ng silid-aralan na ang mga kawani o ibang mga matanda ay maaaring magmasid palagi, subali't maaaring paminsan-minsan kabilang ang maikling pag-iisa sa mga bata at maikling oras na hindi nakikita, tulad ng pagtututor sa paaralan, sa labas ng silid-aralan, boluntaryong magulang, na patrol sa paaralan at tsaperon sa field trip sa araw (ang tsaperon na may sasakyan sa field trip ay kailangang sumunod rin sa mga alintuntunin na nasa pamamaraan ng Boluntaryong Tsuper) Ang kasamang magulang na hindi nagsusuperbisyon sa ibang mga bata ay kasama sa kategoryang ito.

Ang Kategorya A na mga boluntaryo ay kailangang:

- 1) May tangkilik o aprubado ng isang paaralan o kawani ng distrito.
- 2) Kumpletuhin at isumite para aprubahan ng distrito ang Aplikasyon para sa Boluntaryo sa Paaralan.
- 3) Makapag prisinta ng isang pormularyo sa tagapamahala ng boluntaryo sa paaralan ng kasalukuyang pagkakakilanlang larawang inisyu ng gobyerno (lisensiya sa pagmamaneho, pasaporte, ID ng militar, US o ibang identipikasyon ng gobyerno), sapat upang payagan na kumpletuhin ang WATCH (Washington Access to Criminal History) na pagtsek ng pinagdaanang buhay sa Patrol ng Estado ng Washington;
- 4) Pumayag na magpatsek ng pinagdaanang buhay sa WATCH **na ginagawa ng tagapamahala ng boluntaryo** upang matiyak kung ang aplikante ay hindi maaaring tanggapin na magboluntaryo. Sa pambihirang mga kaso, depende sa mga impormasyon na bumalik, ang mga aplikanteng boluntaryo ay kailangang magpafingerprint.
- 5) Lumagda sa inaprubahan ng distrito na “Volunteer Sign-in Sheet” sa punong tanggapan;
- 6) Gumawa ng boluntaryong trabaho sa ilalim ng pamamatnugot ng itinalagang guro, tagapamahala ng boluntaryo sa paaralan, at/o punong-guro/pangalawang punong-guro;
- 7) Sumunod sa pamamaraan ng paglagda sa pagpasok sa lugar ng paaralan at maglagay ng tsapa na may pangalan habang nasa kampus. Ibalik ang tsapa pagkatapos ng araw ng aktibidad sa pagboboluntaryo o pagkatapos ng serbisyo sa paaralan; at
- 8) Ang nagbibigay ng programang pagpapayaman sa lugar ay kailangang ibalik ang kanilang tsapa sa harap na tanggapan paglabas ng paaralan;

KATEGORYA “B” NA MGA BOLUNTARYO AY MGA:

Ang mga boluntaryo na may pinahabang kontak sa mga mag-aaral at hindi pinangangasiwaan ng kawani ng distrito. Kinabibilangan ng mga tagasanay, tauhang pangsuporta sa haiskul para sa palakasan, mga tagaturo sa ibang lugar ng programang tutoring na may pinahabang kontak sa mga mag-aaral, hindi pinangangasiwaan ng kawani ng distrito. **Ang mga nagbibigay ng programang pagpapayaman na may programa sa ibang lugar na hindi kasangkot ang kawani ng distrito ay kasama sa kategoryang ito”.**

Kategorya B na Boluntaryo ay kailangan:

- 1) May tangkilik o inaprubahan ng isang punong-guro o itinalaga ng punong-guro na responsable sa pagtutugma ng mga aktibidad ng boluntaryo;
- 2) Kumpletuhin at isumite para aprubahan ang Aplikasyon ng Boluntaryo ng Paaralan ng distrito. Ito'y kabilang ang tagapagturo ng programang pagpapayaman Na iba sa mga kawani ng distrito.. Ang mga pormularyo ng aplikasyon ay mayroon sa website ng distrito sa <http://bit.ly/SPS-Volunteering>;
- 3) Kumuha ng iskedyul ng pakikipagtipan para sa fingerprinting; ang mga bagong boluntaryo ay kailangang tumawag sa **Human Resource (HR) Department. Ang kasalukuyang halaga ay \$43.50**, at kung bayad na ang boluntaryo ay papupuntahin sa Departamento ng Kaligtasan at Katiwasayan (Safety & Security Department)para sa pagkuha ng fingerprint. Para sa karagdagang impormasyon sa oras at iskedyul ng pakikipagtipan, pakikontak ang HR Front Desk sa **206.252.0215**. Ang Boluntaryo ay kailangang magdala ng kasalukuyang ID na may larawan galing sa gobyerno (lisensiya ng tsuper, pasaporte, ID ng militar);
- 4) Magpatsek ng nakaraang buhay sa WATCH na **pinamamahalaan ng boluntaryong tagapamahala ng lugar** upang matiyak na ang aplikante ay hindi maaari sa pagboboluntaryo.
- 5) Ang nagbabalik na mga boluntaryo sa Kategorya B na may kasalukuyang pasadong finger print na nakatala sa Kaligtasan at Katiwasayan ay **HINDI** kailangang kumuha muli ng fingerprint taon—taon. Subali't ,ang pakiusap na WATCH ay kailangang isumite bawa't taon. Ang pagkuha ng fingerprint ay maaring kailanganin bawa' ikalawang taon.
- 6) Ang isang boluntaryo na pumasa sa finger print sa isang paaralan ay hindi na kailangang pumasa muli sa ibang paaralan. Ang karagdagang mga paaralan ay maaaring beripikahin ang pagpasa sa nakaraang paaralan o sa Departamento ng Pamamahala ng Boluntaryo sa 206.252.0529;
- 7) Lumagda sa inaprubahan ng distrito na "Volunteer Sign-in Sheet" sa punong tanggapan.
- 8) Sumunod sa pamamaraan ng paglagda sa pagpasok sa lugar ng paaralan at magsuot ng tsapa na may pangalan habang nasa kampus; at
- 9) Basahin at lagdaan ang Manwal ng Boluntaryo at manood ng online bidyo para sa kaligtasan.

***Nota:** Ang mga nagbibigay ng programa ng pagpapayaman sa ibang lugar na nagkaroon na ng pagkuha ng fingerprint sa nakaraang dalawang taon ng kanilang pinaglingkuran ay hindi kailangan muling kumuha ng fingerprint. Bago pumasok bilang boluntaryo, ang kanilang pinaglilingkuran ay kailangang kontakin ang Departamento ng Pamamahala ng boluntaryo sa paglilista ng kanilang pangalan kasama ang nakuhang impormasyon sa pagkuha ng finger print at [inagdaanang buhay.

Ang Tsaperon sa Field Trip sa Magdamag ay mga:

Magulang/tagapag-alaga na boluntaryo na may pinahabang kontak sa mga mag-aaral na maaring walang pamamahala ng kawani ng distrito. Ang ilang tsaperon ng magdamag na Field Trip ay maaaring hindi na kukuha ng finger print

- 1) Ang lahat na mga boluntaryo/tsaperon ay kailangan sundin ang kasalukuyang mga

hakbang sa pagboboluntaryo sa Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle kabilang ang pag tsek ng Estado ng Washington sa nakaraang buhay (WATCH) taon-taon;

- Kumpletong Aplikasyon ng boluntaryo ;
 - Kumpletong Pormularyo ng Pagsisiyasat
 - Magpatsek sa Estado ng Washington ng nakaraang buhay taon-taon.;
 - Kung kailangan, kumpletuhin ang Promularyo ng Aplikasyon sa Overnight Fingerprinting. ;
 - Kung kailangan, kontakin ang Kaligtasan at Katiwasayan upang simula ang proseso ng fingerprinting;
 - Ang direktor ng HR ay mag-uulat sa punong-guro/boluntaryo sa resulta ng fingerprinting
 - Ang boluntaryo ay babalitaan ng punong-guro/Direktor ng HR, at
 - Ang paaralan ay babalitaan ang Departamento ng Pamamahala ng Boluntaryo ng mga resulta.
- 2) Bago mag field trip, ang paaralan ay inaatasang magbigay ng listahan ng kanilang mga boluntaryo/tsaperon na nasuri na para sa magdamag na field trip ng Departamento ng Pamamahala sa Boluntaryo.
- 3) Ang sinumang tsaperon sa Magdamag ng Field-trip na nakatira ng tuloy-tuloy sa Estado na **lampas ng dalawang taon ay hindi na kailangan kunan ng fingerprint**, sapat na ang clearance ng WATCH
- Ang beripikasyon ng walang patlang na tirahan ay kakailanganin para sa tsaperon ng magdamag na field-trip na humihiling ng pagtalikdan ng mga kailangan ng pagkuha ng fingerprint Ang tagapamahala ng boluntaryo ng paaralan ay beberipikahin ang tirahan (lisensiya ng tsuper, bayad sa bahay, seguro, kasulatan sa buwis ng ari-arian at /o papel sa suweldo);
 - Hinihiling namin sa mga paaralan na isama ang bayad sa fingerprint, kung sinumang tsaperon ay kailangan ang fingerprinting, ibilang sa ibang gastos sa field trip;
 - Ang halaga ng fingerprint para sa boluntaryo ay \$43.50. Ang mga paaralan ay inaasahan na isasama ang halaga na ito sa kanilang badyet sa field trip simula sa 2014-15 paaralang taon;
 - Para sa mga paaralan na may mataas na porsiyento ng mag-aaral na kuwalipikado para sa Libreng at Pinababang halaga ng Tanghalian (FRL 50%), ang distrito ay sasagutin ang gastos sa fingerprinting para sa 2013-14 na paaralang taon at sa hinaharap, ang paaralan ay isasama ang gastos sa badyet ng field trip;
 - Lahat ng boluntaryo ay kailangang basahin at lagdaan ang Manwal ng Boluntaryo;
 - Lahat ng boluntaryo ay kailangang kumpletuhin ang kurso sa online na kaugnay sa Adult Sexual Misconduct Prevention na nasa Volunteer webpage: <http://bit.ly/SPS-Volunteering>. Management Department; at
 - Lahat ng Boluntaryo ay kailangan basahin at sumunod sa Patakarán No. 3246 (Paggamit ng Resonableng Puwersa nasa Volunteer webpage: <http://bit.ly/SPS-Volunteering>).

Tsaperon sa Labas ng Bansa ay mga:

Mga magulang/tagapag-alaga ng mga boluntaryo na may malaking panganib at pinahabang kontak sa mga mag-aaral na maaaring walang pamamahala ng kawani ng distrito.

Tsaperon sa Labas ng Bansa ay kailangang:

- 1) Tinangkilik o inaprubahan ng isang punong-guro o inatasang punong-guro na responsible sa pag-uugnay ng mga aktibidad ng boluntaryo.
- 2) Kumpletuhin at isumite para aprubahan ng distrito ang Aplikasyon sa Boluntaryo sa Paaralan. Kabilang dito ang tagaturo ng programang pagpapayaman bukod sa empleyado ng distrito. Ang pormularyo sa Aplikasyon ay nasa website ng distrito sa: <http://bit.ly/SPS-Volunteering>;
- 3) Magfingerprint;
- 4) Basahin at lagdaan ang Manwal ng Boluntaryo;
- 5) Panoorin ang kurso sa on-line na may kaugnayan sa Adult Sexual Misconduct Prevention (Paghadlang sa Masamang Sekswal na Asal ng Matanda); at
- 6) Kumpletong taunang tsek ng WATCH

Pagbibigay ng Kuwalipikasyon sa mga Empleyado

Ang mga organisasyon/pinaglilingkuran ay maaaring magkaroon ng pagkakataon magbigay ng kuwalipikasyon sa kanilang empleyado na magboluntaryo sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle na hindi kailangang dumaan sa pagtsek ng pinagdaanang buhay. Ang mga pinaglilingkuran ay kailangang sabihan ang Departamento ng Pamamahala ng Boluntaryo ng nakasulat hinggil sa fingerprint/impormasyon sa nakaraang buhay ng mga empleyado. Ang Departamento ng Pamamahala ng Boluntaryo ay gagawa ng pagpapasiya ng pagtanggap.

Mag-aaral na mga Boluntaryo

Ang mag-aaral ng distrito na K-12 na nagboluntaryo sa mga paaralan bukod sa kanilang pinagtalagahang paaralan ay kailangan lamang na kumpletuhin at isumite ang distritong Aplikasyon ng Boluntaryo ng Paaralan.

MGA BISITA O MGA PANAUHIN

Ang isang bisita/panauhin ay isang walang suweldong tao na, sa pahintulot ng distrito ay tumutulong sa isang paaralan sa isang hindi regular o isang beses lamang o dumadalo sa isang tinatangkilik ng paaralan na pagtatanghal o aktibidad. Ang taong ito ay walang hindi pinamamahalaang pagpapakita o pakikiugnay sa mga bata.

Ang karaniwang halimbawa nito ay kinabibilangan ng isang bisitang bumabasa sa Read Across America., mga kalahok sa Punong-guro para sa Isang Araw, panauhin/nagtatalumpati, nakatatandang miyembro ng lupon ng pagtatanghal, isang beses na pagtatanghal sa paaralan o silid-aralan na walang pinamamahalang aktibidad sa mga mag-aaral, o ibang araw o

panauhing- uri ng aktibidad. **Ang kategoryang ito ay kinabibilangan ng mga panauhin na nakikilahok sa mga aktibidad ng paaralan na bukas at nasa publikong lugar** kung saan ang kawani at ibang mga matanda ay maaaring magmasid sa lahat ng oras, walang oras ng pag-iisang kasama ang mga bata, at palaging nakikitang kawani o matanda. Ang karaniwang halimbawa ay kinabibilangan ng tutoring sa silid-aralan, pagbasa sa silid-aralan, pagtulong sa silid-aralan at programa pagkatapos ng pasok na pinamamahalaang ng tauhan ng distrito, gayundin ang mga bisita sa hindi silid-aralan tulad ng mga katulong sa opisina, tulong sa mga hindi silid-aralan, binuong mga gawain na kaugnay sa mga samahan ng paaralan tulad ng PTA, mga kapisanan ng paaralan, at sangguniang ng paaralan.

Ang mga magulang na pumupunta sa paaralan upang kumain sa tanghalian o lumahok sa pagsasamahan ng magulang tulad ng “Pamilya sa Biyernes” na kasama ng anak (mga) ay ikinokonsidera rin na mga bisita o mga panauhin.

Ang mga bisita /mga panauhin ay kailangang:

- 1) Tinangkilik o inaprubahan ng paaralan o empleyado ng distrito;
- 2) Lumagda sa inaprubahang ng distrito na “Visitor Sign-in Sheet” sa punong tanggapan; at
- 3) Ipakita ang isang tsapa ng bisita na isasauli pagkatapos ng pagtatanghal o aktibidad.

